

Mga Priyoridad sa Lehislatibo ng Estado para sa mga Bata na may mga Pagkaantala sa Pag-unlad at Mga Taong may mga Kapansanan sa Intelektwal at/o Pag-unlad 2024

Ang mga serbisyo para sa mga taong may mga pagkaantala sa pag-unlad at mga kapansanan sa intelektwal at/o pag-unlad (I/DD) ay dapat na napapanatili at nagsusulong ng pagkakapantay-pantay, pagsasama, at kabilangan. Ang mga priyoridad sa 2024 ay naglalayong makamit ang pananaw na iyon at nagpapakita ng input mula sa mga apektadong komunidad sa buong rehiyon, na nakasentro sa mga taong may mga pagkaantala at kapansanan, at Itim, Katutubo, People of Color (Black, Indigenous, and People of Color o BIPOC).

MGA PRAYORIDAD



PRAYORIDAD 1

Tumutulong na matiyak na ang mga indibidwal at pamilya ay may mga serbisyong ipinagkaloob ng mga taong nagsasalita ng kanilang wika at tumutugon sa kanilang mga pangkulturang pangangailangan.



PRAYORIDAD 2

Tumutulong na matiyak na ang mga ahensya ng Maagang Suporta para sa mga Sanggol (Early Support for Infants and Toddler o ESIT) ay tumatanggap ng pagpopondo ng Espesyal na Edukasyon (Special Education) para sa unang buwan ng mga serbisyong ibinibigay sa mga pamilya.



PRAYORIDAD 3

Tumutulong sa mga taong may I/DD na makakuha at mapanatili ang mga trabaho, at mapabilang sa kanilang mga komunidad, sa pamamagitan ng pagtaas ng halaga na binabayaran sa mga provider ng serbisyo ng Pagtatrabaho at Pagsasama ng Komunidad (Employment and Community Inclusion).



PRAYORIDAD 4

Tumutulong na matiyak na ang abot-kayang pabahay, at mga suporta sa pabahay, ay available para sa mga taong may I/DD.



PRAYORIDAD 5

Mag-recruit at magsanay ng higit pang mga provider ng kalusugan sa pag-uugali na may kadalubhasaan upang epektibong maglingkod sa mga taong may I/DD.



www.kingcounty.gov/ddecscd

PRAYORIDAD 1 - Pag-access sa Wika

Tumutulong na matiyak na ang mga indibidwal at pamilya ay may mga serbisyong ipinagkaloob ng mga taong nagsasalita ng kanilang wika at tumutugon sa kanilang mga pangkulturang pangangailangan.



Mahalaga ang pag-access sa wika sa lahat ng mga sistema at programa upang matiyak na maa-access ng lahat ang mga serbisyo anuman ang kanilang wika. Mahalaga rin na ang mga serbisyo ay tugma sa kultural para sa mga pamilya. Ang mga tao at pamilya ay nakikinabang mula sa mga serbisyong natanggap mula sa mga provider na ang mga tradisyon, kasaysayan, paniniwala, at wika, ay katulad ng sa kanila. Nangangahulugan ito na ang mga serbisyong natanggap nila ay may kaugnayan, nauugnay, sumusuporta, at walang kinikilingan.



Napakahalaga ng pagsalin ng iba't ibang dokumento ng serbisyo sa gustong wika ng bawat indibidwal at pamilya, ngunit magastos din ito. Ganito rin ang sitwasyon sa mga interpreter, na hindi palaging saklaw ng insurance. Maaaring isulong ng Lehislatura ang kalidad ng mga serbisyong karapat-dapat sa mga indibidwal at pamilya sa pamamagitan ng pagpopondo ng pag-access sa wika para sa mga ahensya ng estado, kabilang ang Pangangasiwa sa Mga Kapansanan sa Pag-unlad (Developmental Disabilities Administration o DDA), Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya (Department of Children, Youth, and Families), Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon (Division of Vocational Rehabilitation), at Awtoridad sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Authority).



Ayon sa mga residenteng may mga kapansanan na nabibilang sa Itim, Katutubo at People of Color (Black, Indigenous, at People of Color) din sa King County na nahihirapan silang matugunan ang kanilang mga pangangailangan mula sa mga kapansanan sa pag-unlad, pangangalaga sa kalusugan, at K-12 na sistema ng edukasyon. Iniulat ng mga pamilya na nakakaranas sila ng mga pagkiling sa lahi, kultura, at wika.


PRAYORIDAD 2

Tumutulong na matiyak na ang mga ahensya ng Maagang Suporta para sa mga Sanggol (Early Support for Infants and Toddler o ESIT) ay tumatanggap ng pagpopondo ng Espesyal na Edukasyon (Special Education) para sa unang buwan ng mga serbisyong ibinibigay sa mga pamilya.



Dapat kumpletuhin ng mga ahensya ng Maagang Suporta (Early Support) ang ilang hakbang bago ma-enroll ang isang pamilya at mabayaran ang ahensya ng mga pondo ng Espesyal na Edukasyon (Special Education). Ang mga provider ay nagtatrabaho upang mangalap ng impormasyon ng pamilya, upang masuri ang pag-unlad at pagiging karapat-dapat ng isang bata, upang magsulat ng isang ulat, at makipagkita sa mga tagapag-alaga upang magplano ng mga serbisyo. Pagkatapos ng lahat ng gawaing ito, magsisimula ang mga serbisyo sa mga bata at pamilya, ngunit **hindi** pa rin masisingil ng mga ahensya ang mga pondo ng Espesyal na Edukasyon para sa isang buwan pa!

Dapat kumpletuhin ng mga ahensya ng Maagang Suporta (Early Support) ang ilang hakbang bago ma-enroll ang isang pamilya at mabayaran ang ahensya ng mga pondo ng Espesyal na Edukasyon (Special Education). Ang mga provider ay nagtatrabaho upang mangalap ng impormasyon ng pamilya, upang masuri ang pag-unlad at pagiging karapat-dapat ng isang bata, upang magsulat ng isang ulat, at makipagkita sa mga tagapag-alaga upang magplano ng mga serbisyo.



Ang isang maliit na pagbabago sa panuntunan ay magtataas ng pondo para sa mga ahensya ng ESIT sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanila na maniningil para sa mga pondo ng Espesyal na Edukasyon (Special Education) para sa unang buwan ng mga serbisyong ibinibigay sa mga karapat-dapat na bata. Ang lehislatura lamang ang makakagawa ng pagbabagong ito.

PRAYORIDAD 3

Tumutulong sa mga taong may I/DD na makakuha at mapanatili ang mga trabaho, at mapabilang sa kanilang mga komunidad, sa pamamagitan ng pagtaas ng halagang binabayaran sa mga provider ng serbisyo ng Pagtatrabaho at Pagsasama ng Komunidad (Employment and Community Inclusion).



Ang mga serbisyo ng Pagtatrabaho at Pagsasama ng Komunidad (Employment and Community Inclusion) ay tumutulong sa mga indibidwal na may I/DD na makakuha at mapanatili ang mga trabaho at ma-access ang kanilang komunidad. Ang mga taong may trabaho ay mas matatag din sa pananalapi, mas independyente, at nag-aambag sa lakas ng trabaho at ekonomiya, na tumutulong sa lahat. Nakikinabang din ang mga taong may trabaho at pag-access sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga bagong kaibigan at pag-aaral ng mga bagong kasanayan.

Ang mga provider ng serbisyo sa Pagtatrabaho at Pagsasama ng Komunidad (Employment and Community Inclusion) na tumutulong sa mga tao na makakuha at panatilihin ang mga trabaho sa kanilang mga komunidad ay hindi kayang punan ang mga bakanteng posisyon. Ang Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Department of Social and Health Services) DDA ay nagbigay sa lehislatura ng isang pag-aaral noong 2022 na nagpapaliwanag kung gaano karaming pondo ang kailangan ng mga provider ng serbisyo para punan ang mga posisyon at masakop ang mga gastos para sa mga serbisyo. Kung ibigay ng lehislatura ang halagang inirerekomenda sa pag-aaral, 81% ng mga provider ng King County ang nagsasabi na ganap nilang mapagsilbihan ang lahat ng kanilang kasalukuyang kalahok, at 86% ang nagsasabing matatanggap nila ang mga bagong kalahok na naghahanap ng trabaho.

Ang bawat dolyar na namuhunan sa suporta sa trabaho ay katumbas ng 60 sentimos na pagbabalik sa ekonomiya.

Batay sa isang kamakailang survey ng provider, kung ang mga rate ay tumaas sa mga inirerekomendang antas, mas maraming provider ang maaaring ganap na makapaglingkod sa mga kasalukuyang kalahok at kumuha ng mga bagong kalahok na interesado sa trabaho.

Ganap na maglingkod sa mga kasalukuyang kalahok

Kasalukuyang Rate 43%

Mga Inirerekomendang Rate 81%

Kumuha ng mga bagong kalahok para sa suporta sa trabaho

Kasalukuyang Rate 48%

Mga Inirerekomendang Rate 86%

Ayon sa isang kamakailang survey, 43% lamang ng mga provider ang nagbahagi na ang kasalukuyang rate ay nagbibigay-daan sa kanila na ganap na makapaglingkod sa mga kalahok.



PRAYORIDAD 4

Tumutulong na matiyak na ang abot-kayang pabahay, at mga suporta sa pabahay, ay available para sa mga taong may I/DD.



Sa estado ng Washington, humigit-kumulang 37,000 matatanda na may kapansanan sa intelektwal at pag-unlad (I/DD) ang nahaharap sa kawalan ng seguridad sa pabahay.

Ang mga taong may I/DD ay nangangailangan ng abot-kayang pabahay na may mga serbisyo ng suporta.

37,000 karagdagang mga yunit na kailangan upang mapunan ang hindi natutugunan na mga pangangailangan sa pabahay



1,328 mga HTF yunit na ginawa para sa mga indibidwal na may IDD

Ang available na pabahay para sa mga indibidwal na may IDD ay nakakatugon sa mas mababa sa 4% ng kabuuang pangangailangan.

Tinanyang hindi pa natutugunan ang pangangailangan sa pabahay kumpara sa mga set-aside na yunit ng HTF IDD, portfolio sa buong estado.




1 sa bawat 10 (11%) na tao na nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa King County ay nagulat ng pagkakaroon ng IDD

Ang Pondo ng Trust sa Pabahay (Housing Trust Fund o HTF) ay isang mahalagang mapagkukunan para sa pagpopondo ng mga proyektong abot-kayang pabahay sa King County. Ang mga permanenteng mapagkukunan ng pagpopondo ay kailangan para sa HTF at iba pang mga opsyon sa Estado at lokal na pabahay. Sa pamamagitan ng paglikha ng mga permanenteng pinagmumulan ng pagpopondo at pagdaragdag ng higit pang mga pondo sa HTF, madadagdagan ng Estado ang naa-access at abot-kayang pabahay. Kailangan din ang mga opsyon sa pagpopondo ng lokal na pabahay. Kabilang dito ang mga pondo sa pagpapanatili at pagpapatakbo ng pabahay para sa mga hindi kumikitang provider ng pabahay upang suportahan ang pangmatagalang pagmamay-ari.

Pagdating sa pabahay, ang accessibility ay susi para sa mga indibidwal na may I/DD. Bahagi ng naa-access na pabahay ay ang suportang ibinibigay ng manggagawa sa mga serbisyo sa tirahan ng komunidad. Ang workforce na ito ay patuloy na kulang sa pondo. Ayon sa Samahan ng Mga Serbisyo sa Residensyal na Komunidad (Community Residential Services Association), halos 50% ng mga may karanasang manggagawa ay umaalis bawat taon. Ang pagtaas ng mga rate ng provider ay makakatulong dito. Ang pagpopondo ng higit pang mga manggagawa sa serbisyo ng suporta sa pabahay sa DSHS DDA ay makakatulong na mapabuti ang koordinasyon sa pagitan ng pabahay at mga serbisyo ng suporta.

Ang aming komunidad ay nagsasabi sa amin na ang pag-navigate sa pabahay ay mahirap. Ito ay totoo lalo na para sa mga pamilyang BIPOC na may sariling wika maliban sa Ingles.



PRAYORIDAD 5

Mag-recruit at magsanay ng higit pang mga provider ng kalusugan sa pag-uugali na may kadalubhasaan upang mabisang pagsilbihan ang mga taong may I/DD.




Maraming tagapagbigay ng kalusugan sa pag-uugali ang kulang sa espesyal na pagsasanay at karanasan sa paglilingkod sa mga taong may I/DD at mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali. Tinutulungan ng espesyal na pagsasanay ang provider ng kalusugan ng pag-uugali na maayos na masuri at suportahan ang mga sintomas ng mga tao, na maaaring magmukhang iba para sa mga taong may I/DD. Ang espesyal na pagsasanay ay maaari ding maging kapaki-pakinabang sa isang krisis upang bawasan ang bilang ng mga taong may I/DD na napupunta sa mga emergency room para sa mga serbisyo sa pag-stabilize.



BOSES NG KOMUNIDAD

Ang mga miyembro ng komunidad ay nag-ulat sa King County na nagho-host ng sesyon ng pakikinig na ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga taong may I/DD ay mahirap hanapin at kadalasan ay hindi ibinibigay ng mga taong nagsasalita ng kanilang wika at kabahagi ng kanilang kultura.

Ang isang paraan upang madagdagan ang bilang ng mgatherapist sa kalusugan ng pag-uugali na may espesyal na pagsasanay ay ang pondohan ang pagbabayad ng utang ng mag-aaral at mga programa sa pagpapatawad para sa mga dalubhasa sa I/DD. Ang isa pang paraan upang madagdagan ang mga therapist ay ang sanayin ang mga kasalukuyang provider kung paano kilalanin at gamutin ang mga taong may I/DD at may pangangailangang pangkalusugan sa pag-uugali .



Halos 2 sa bawat 5 (37%) na tao na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng DDA sa Estado ng Washington ay mayroon ding mga pangangailangan sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali.

Ang mga miyembro ng komunidad ay nag-ulat sa King County na nagho-host ng sesyon ng pakikinig na ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga taong may I/DD ay mahirap hanapin at kadalasan ay hindi ibinibigay ng mga taong nagsasalita ng kanilang wika at kabahagi ng kanilang kultura.